ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# KASANAYANG PANANALIKSIK AT KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO SA KRITIKAL NA PAGIISIP NG MGA MAMAHAYAG PANGKAMPUS

**Reyone C. Lumando[1], Josephine B. Baguio[2]**
*[1]Student, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*
*[2]Faculty, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22679**
**DOI No: 10.36713/epra22679**

**ABSTRAK**

*Nilalayon ng pananaliksik na ito na suriin ang makabuluhang impluwensiya sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa Tarragona Distrito, Lungsod ng Davao Oriental. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 145 na mamamahayag pangkampus mula sa mga pampublikong sekondaryang paaralan gamit ang cluster sampling. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng isang kwantitatibong pananaliksik, partikular na ang deskriptib-korelasyon na disenyo. Ipinakita ng mga resulta na mataas ang antas ng kasanayang pananaliksik, kasanayang komunikatibo, at kritikal na pag-iisip. Mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayang pananaliksik at kasanayang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip. Bukod rito, may makabuluhang impluwensiya ang kasanayang pananaliksik at kasanayang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip. Iminumungkahi na magsagawa ng mga karagdagang programa at pagsasanay na magpapalawak sa kasanayan ng mga mamamahayag pangkampus sa pananaliksik at komunikatibo, upang higit pang mapalakas ang kanilang kritikal na pag-iisip. Dapat ding magbigay ng mga pagkakataon para sa aktibong aplikasyon ng mga kasanayang ito sa mga aktibidad at proyekto na magpapalalim sa kanilang kakayahan sa pagsusuri at pagpapahayag ng mga ideya.*

**MGA SUSING SALITA**: *Kasanayang Pananaliksik, Kasanayang Komunikatibo, Kasanayang Kritikal na Pag-iisip, Mamamahayag Pangkampus*

## INTRODUKSYON

Sa ika-21 siglo, ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip ay naging mahalaga para sa mga mag-aaral sa iba't ibang larangan, kabilang ang pamamahayag. Habang tinutuklas ng mga mamamahayag pangkampus ang natatanging mundo ng midya at pagpapalaganap ng impormasyon, mahalagang matuto silang magsuri, magtaya, at magsintesis ng datos nang may kritikal na pag-iisip. Sa larangan ng pamamahayag, ang kritikal na pag-iisip ay hindi lamang tungkol sa pag-uulat ng mga katotohanan; ito rin ay may kinalaman sa pagberipika ng mga pinagmulan, pagtukoy sa mga pagkiling, at pagbuo ng mga makatwirang argumento. Gayunpaman, may mga pangamba tungkol sa kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus, lalo na sa pamamahayag gamit ang wikang Filipino, kung saan ang kakayahan sa wika at pananaliksik ay may mahalagang papel sa paghubog ng kakayahang magsuri.

Ipinakita ng mga internasyonal na pagtatasa ang lumalaking pangangailangang paghusayin ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip sa edukasyon. Ayon sa Programme for International Student Assessment (PISA) ng Organization for Economic Co-operation and Development (OECD), marami sa mga mag-aaral ang nahihirapang gamitin ang kritikal na pag-iisip sa mga tunay na sitwasyon sa buhay. Sa isinagawang PISA noong 2022, lumabas na 13% lamang ng mga 15-taong gulang na mag-aaral mula sa mga bansang lumahok ang may kakayahang epektibong lutasin ang mga masalimuot na suliranin.

Sa Pilipinas, mas kapansin-pansin ang mga hamong ito. Ipinakita ng parehong pagsusuri mula sa OECD na 19.7% lamang ng mga Pilipinong mag-aaral ang umabot sa pinakamababang antas ng kasanayan sa pagbasa—isang pundamental na kasanayan sa pamamahayag. Katulad nito, ipinakita ng National Achievement Test (NAT) noong 2017-2018 ang mababang resulta sa pag-unawa sa binasa at kritikal na pagsusuri, na nagpapahiwatig ng mga kakulangan sa kakayahan ng mga mag-aaral na makisangkot sa masalimuot na teksto.

Sa Tarragona District, Lungsod ng Davao Oriental, ang konteksto ng pamamahayag gamit ang wikang Filipino, ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo ay mahahalagang salik sa pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip. Dapat magkaroon ng kakayahan ang mga mamamahayag pangkampus sa pagsasagawa ng pananaliksik, pagtatasa ng kredibilidad ng mga sanggunian, at lohikal na pagbubuo ng kanilang ulat. Ipinakita ng mga pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na kasanayan sa pananaliksik ay may mas mahusay na kritikal na pag-iisip, sapagkat kaya nilang tukuyin ang mga padron, magtaguyod ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ugnayan, at humango ng mga kongklusyon batay sa ebidensya (Alsaleh, 2020; Matanıarı et al., 2020). Bukod dito, ang kakayahang komunikatibo na sumasaklaw sa kahusayan sa wika, kalinawan, at pagkakaugnay-ugnay ng ideya ay may mahalagang papel sa kung paano nag-iisip nang kritikal ang mga mag-aaral (Agustina & Setiawan, 2020; Widana et al., 2018). Kung walang matibay na pundasyon sa mga kasanayang ito, maaaring mahirapan ang mga mamamahayag pangkampus na ipahayag ang kanilang pananaw nang may matibay na batayan, na maaaring humantong sa mababaw na pag-uulat at maling impormasyon.

Sa kabila ng lawak ng pananaliksik sa kritikal na pag-iisip, mayroong kakulangan sa pag-unawa kung paano ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo ay magkasamang nakakaapekto sa kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa wikang Filipino. Bagamat may mga pag-aaral na sumuri sa mga aspetong ito nang hiwalay, kakaunti pa lamang ang nagsaliksik sa kanilang ugnayan sa partikular na larangan ng pamamahayag pangkampus saTarragona District, Lungsod ng Davao Oriental. Dahil sa lumalawak na papel ng midya sa pagbubuo ng pampublikong diskurso, mahalagang tuklasin kung paano nakakatulong ang mga kasanayang ito sa analitikal na kakayahan ng mga mamamahayag pangkampus, lalo na sa paggamit ng wikang Filipino sa pag-uulat.

Layunin ng pag-aaral na ito na punan ang puwang na ito sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri sa impluwensiya ng kasanayang pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga ugnayang ito, layunin ng pag-aaral na magbigay ng mahahalagang kaalaman para sa mga guro, mamamahayag pangkampus, at mga tagapagtaguyod ng midya kung paano mapapabuti ang edukasyon at pagsasanay sa pamamahayag. Ang mga natuklasan ay magiging mahalaga sa pagbuo ng mga programang magpapalakas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik at wika, na sa huli ay magpapalaganap ng mas kritikal at responsableng pamamahayag. Bukod dito, maaaring maging batayan ang resulta ng pag-aaral sa mga patakaran at pagbabago sa kurikulum na naglalayong bigyang-prayoridad ang paglinang ng kritikal na pag-iisip sa edukasyon sa pamamahayag, upang matiyak na ang mga hinaharap na propesyonal sa midya ay may sapat na kakayahan upang harapin ang patuloy na nagbabagong mundo ng impormasyon.

**Paglalahad ng Suliranin**

Nilalayon ng pananaliksik na ito na maunawaan ang antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang komunikatibo, at kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus. Isa rin sa mga layunin ay suriin kung may makabuluhang impluwensiya ba sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus. Sa katiyakan, tatangkain sa pag-aaral na ito na mabigyang sagot ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng kasanayang pananaliksik ng mga mamamahayag pangkampus ayon sa:
1.1 kasanayan sa pagkilala at pagbabalangkas ng suliranin,
1.2 kasanayan sa paghanap ng impormasyon at ebidensiya, at
1.3 kasanayan sa metodolohiya ng pananaliksik?

2. Ano ang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mamamahayag pangkampus ayon sa:
2.1 kakayahang linggwistiko,
2.2 kakayahan sa pasalitang talakayan, at
2.3 kakayahan sa pasulat na talakayan?
3. Ano ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus ayon sa:
3.1 pagsusuri,
3.2 pagtatasa, at
3.3 paghinuha?
4. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus?
5. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan kakayahang komunikatibo at kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus?
6. Mayroon bang makabuluhang impluwensiya ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus?

**Haypotesis**

Ang hipotesis ay sinubok sa 0.05 na antas ng kahalagahan.
Ho1. Walang makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa pananaliksik at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus.
Ho2. Walang makabuluhang ugnayan ang kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus.
Ho3. Walang makabuluhang impluwensiya ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng isang kwantitatibong pananaliksik, partikular na ang deskriptib-korelasyon na disenyo. Ang kwantitatibong pananaliksik ay isang masusing pagsusuri ng mga penomena sa pamamagitan ng pangangalap ng datos na maaaring sukatin ang mga istadistikal, matematikal, o kompyutasyonal na pamamaraan. Sa pamamaraang ito, binibigyang diin ang obhektibidad, kawastuhan, at pagsusukat ng mga kadahilanan. Ang mga pamamaraang kontrolado at istandardisado, tulad ng mga sarbey, eksperimento, o obserbasyon, ay gagamitin upang masukat ang mga baryabol at masusubukan ang mga hipotesis (Ahmad et al., 2019).

Ang deskriptib-korelasyon na pananaliksik ay nagbibigay daan sa mga mananaliksik na maglarawan at magdokumento ng mga ugnayan na ito. Ito ay tutulong sa pagbuo ng mga hipotesis, paggawa ng mga pag-aakala, at pagaambag sa pag-unawa sa mga komplikadong pangyayari sa iba't ibang larangan, kasama ang sikolohiya, edukasyon, sosyolohiya, at agham pangkalusugan (Seeram, 2019).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sa konteksto ng pag-aaral, ang disenyong deskriptib-korelasyon ay itinuturing na angkop dahil ito ay naglalarawan ng ugnayan ng di-malayang baryabol, ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo at ang malayang baryabol na tumutukoy sa kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus.

**Mga Kalahok ng Pag-aaral**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 145 mula sa 280 mamamahayag pangkampus mula sa mga pampublikong sekondaryang paaralan ng Tarragona Distrito, Lungsod ng Davao Oriental na Ginamit ng mananaliksik ang Slovin formula upang tukuyin ang bilang ng mga respondente sa pag-aaral 0.05% ang marginal pagkakamali, na kasalukuyang aktibong nagsusulat at kumakatawan sa mga pahayagan ng kanilang paaralan na nakatuon sa mga isyu at kaganapan sa Filipino. Upang matiyak ang homogeneity ng sample, ang mga kalahok ay kinakailangang opisyal na nakatala sa mga institusyong sekondarya at may aktibong papel sa pagsusulat ng mga artikulong may kinalaman Filipino. Ang mga mamamahayag na kasali sa pahayagan ay pinili batay sa kanilang kakayahan at kasanayan sa larangan ng Filipino, upang magbigay ng makatarungang representasyon sa mga kasanayan ng mamamahayag pangkampus sa wika at komunikasyon. Hindi isinama sa pag-aaral ang mga mamamahayag pangkampus na nagsusulat lamang ng mga artikulo sa Ingles o may papel na hindi tumatalakay sa Filipino. Ang mga mamamahayag na hindi aktibo sa pahayagan ay hindi rin isinama sa pag-aaral na ito. Cluster sampling ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ayon kay Mohammad (2019), ang cluster sampling ay isang pamamaraan ng sampling kung saan ang populasyon ay hinahati sa mga grupo o "clusters," at ang mga cluster na ito ay pipiliin nang random upang maging bahagi ng sample. Sa pag-aaral na ito, pumili ng labin-limang paaralan sa sekondarya ang mananaliksik at ito ang mga klaster na ginamit. Ang mga paaralang ito ay pinili batay sa mga kriteriya ng pagiging aktibo ng pahayagan. Ang pamamaraan ng cluster sampling ay nagbibigay daan upang maging mas praktikal at magaan ang pagkuha ng mga kalahok, lalo na sa isang malawak na populasyon. Ang paggamit ng cluster sampling ay tinitiyak na walang kinikilingan ang mananaliksik sa pagpili ng mga kalahok, at ito rin ay nagbigay ng representasyon mula sa iba't ibang paaralan na may aktibong mga mamamahayag pangkampus.

**Instrumento sa Pananaliksik**

Upang malaman ang antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, ginamit ang isang inangkop na talatanungan. Ang instrumento na ginamit para sa pag-aaral na ito ay binubuo ng tatlong bahagi: una, ang Research Skills Scale for Senior High School Students: Development and Validation nina Lacson at Dejos (2022) para matukoy ang antas ng kasanayan sa pananaliksik. Pangalawa, ang The Conceptualization of Communicative Competence in Secondary EFL Classrooms ni Juhász (2015) para matukoy ang antas ng kakayahang komunikatibo at ang panghuli, The Development and Validation of a Critical Thinking nina Payan-Carreira et al. (2022) para matukoy ang antas ng kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Ang unang bahagi ng talatanungan ay ang Akademikong Pagganyak, na kinuha sa Research Skills Scale for Senior High School Students: Development and Validation nina Lacson at Dejos (2022). Ito ay nahahati sa tatlong aspekto: kasanayan sa pagkilala at pagbabalangkas ng suliranin, kasanayan sa paghanap ng impormasyon at ebidensiya, at kasanayan sa metodolohiya ng pananaliksik. Ang pangalawang bahagi ng talatanungan ay kinuha sa The Conceptualization of Communicative Competence in Secondary EFL Classrooms ni Juhász (2015) na binanggit nina Lin et al. (2024). Ito ay nahahati sa tatlong aspekto: kakayahang linggwistiko, kakayahan sa pasalitang talakayan at kakayahan sa pasulat na talakayan. Ang panghuling bahagi ng talatanungan ay kinuha sa The Development and Validation of a Critical Thinking nina Payan-Carreira et al. (2022). Ito ay nahahati sa tatlong aspekto: pagsusuri, pagtatasa at paghihinuha.

**Pangangalap ng Datos**

Ang paglikom ng mga datos ay isang sistematikong proseso ng pagkalap ng mga obserbasyon o sukat. Gumagawa ang mananaliksik ng pag-aaral para sa alinmang larang, mainam na makakuha ng unang kaalaman at orihinal na pananaw ukol sa tesis na pinag-aaralan. Isinasalaysay sa sumunod a mga talata ang mga isinakatuparang hakbang ng mananaliksik ukol sa pagsasagawa ng paglikom ng mga kinakailangang mga datos ng pag-aaral.

Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Dekano ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Lungsod ng Davao, at sa Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Sangay ng Tarragona Distrito, Lungsod ng Davao Oriental, upang maisagawa ang pag-aaral na ito. Matapos matanggap ang pagpapatibay ng Tagapamanihala, nakipag-ugnayan siya sa mga punong-guro ng mga natukoy na paaralan upang maisagawa ang paunang pagsasaayos ng mga gawaing sangkot sa pag-aaral.

Matapos ang pakikipag-ugnayan sa mga punong-guro ng mga paaralan, ipinamahagi ng mananaliksik ang mga instrumento sa mga mag-aaral na kalahok at ipinaliwanag ang mga panuto kung paano ito sasagutan at kailan nito ibabalik ang instrumento. Isa-isang pinuntahan ng mananaliksik ang mga mag-aaral na kalahok ng pag-aaral upang matiyak na maibalik ang nasagutang instrumento. Sa paglikom ng mga datos, tinalima ng mananaliksik ang mga pamantayan ukol sa etikang sinusunod sa mga pag-aaral. Ipinaliwanag sa mga kalahok na ang kanilang partisipasyon sa pag-aaral ay bukas sa kanilang loob at hindi sapilitan. Kung hangad nilang hindi magpatuloy sa kanilang paglahok ay maaari silang tumiwalag sa anumang oras. Ipinabatid din sa kanila na ang mga datos na malikom ay alang-alang lamang sa akademikong talakayan at pangangailangan at hindi kailanman gagamitin upang pagkakakitaan. Tiniyak din sa kanila na unang ihaharap ang kalalabasan ng pananaliksik sa mga kalahok bilang isa sa makikinabang ng pag-aaral. Matapos makuha ang mga kinakailangang datos, inihanay at sinuri ng mananaliksik ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nalikom na tugon ng mga mag-aaral at sinuri gamit ang angkop na formula ng estadistika.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang sumusunod na istadistika ay ang ginamit sa pag-aaral:

Mean. Ito ay ginamit upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa Filipino.

Pearson Product-Moment Coefficient. Ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa Filipino.

Multiple Linear Regression. Ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang impluwensiya ng kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa Filipino. Lahat ng interpretasyon ay ibinatay sa $\alpha = 0.05$ antas ng kahalagahan.

**Resulta at Talakayan**

**Talahanayan 1.** ***Antas ng Antas ng Kasanayang Pananaliksik ng mga Mamamahayag Pangkampus***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Kasanayan sa Pagkilala at Pagbabalangkas ng Suliranin | 3.58 | Mataas |
| 2. | Kasanayan sa Paghanap ng Impormasyon at Ebidensiya | 3.45 | Mataas |
| 3. | Kasanayan sa Metodolohiya ng Pananaliksik | 3.57 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **3.53** | **Mataas** |

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng buod ng antas ng kasanayang pananaliksik ng mga mamamahayag pangkampus batay sa tatlong pangunahing aspeto: kasanayan sa pagkilala at pagbabalangkas ng suliranin, kasanayan sa paghahanap ng impormasyon at ebidensiya, at kasanayan sa metodolohiya ng pananaliksik. Ayon sa mga datos, ang aspeto ng kasanayan sa pagkilala at pagbabalangkas ng suliranin ay may pinakamataas na mean na 3.58, na inilalarawan bilang mataas. Ipinapakita nito na ang mga mamamahayag pangkampus ay may mahusay na kasanayan sa pagtukoy at pagbuo ng mga suliranin na kinakailangang imbestigahan.

Sinusundan ito ng kasanayan sa metodolohiya ng pananaliksik na may mean na 3.57, na rin ay inilalarawan bilang mataas, na nagpapakita ng kakayahan ng mga mamamahayag sa paggamit ng tamang pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Samantalang ang kasanayan sa paghahanap ng impormasyon at ebidensiya ay may mean na 3.45, na inilalarawan bilang mataas din, na nagpapakita ng kakayahan ng mga mamamahayag sa pangangalap ng mga kinakailangang datos at ebidensiya para sa kanilang mga pananaliksik. Sa kabuoan, ang mean rating na 3.53 ay inilalarawan bilang mataas, na nagpapakita ng pangkalahatang mataas na antas ng kasanayang pananaliksik at ito ay ginawa at namamasid nang madalas ng mga mamamahayag pangkampus.

Ang mataas na antas ng kasanayang pananaliksik ng mga mag-aaral ay sinang-ayunan nina Suskie (2018), na nagsasabing ang kasanayan sa pananaliksik ay isang mahalagang bahagi ng akademikong tagumpay, dahil ito ay tumutok sa kakayahan ng mag-aaral na mangalap, magsuri, at magtasa ng mga datos upang makabuo ng makatarungan at makabuluhang mga konklusyon. Ayon naman kay Areed et. al, (2020), ang kasanayan sa pananaliksik ay isang proseso na nangangailangan ng sistematikong pag-aayos at pagsusuri ng mga impormasyon upang magbigay ng masusing pagsusuri sa mga isyung tinalakay, na mahalaga sa anumang uri ng disiplina. Ganundin, ayon kay Head (2016), ang kasanayan sa pananaliksik ay hindi lamang nakatuon sa pagkuha ng impormasyon kundi pati na rin sa pagsusuri ng mga ebidensiya upang makapagbigay ng makatarungan at kredibleng resulta.

**Talahanayan 2.** ***Antas ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Mamamahayag Pangkampus***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Kakayahang Linggwistiko | 3.46 | Mataas |
| 2. | Kakayahan sa Pasalitang Talakayan | 3.54 | Mataas |
| 3. | Kakayahan sa Pasulat na Talakayan | 3.55 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **3.52** | **Mataas** |

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng buod ng antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mamamahayag pangkampus batay sa tatlong pangunahing aspeto: kakayahang linggwistiko, kakayahan sa pasalitang talakayan, at kakayahan sa pasulat na talakayan. Ayon sa mga datos, ang aspeto ng kakayahan sa pasulat na talakayan ay may pinakamataas na mean na 3.55, na inilalarawan bilang mataas. Ipinapakita nito na ang mga mamamahayag pangkampus ay may mahusay na kasanayan sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagsulat ng mga talakayan, kabilang ang iba't ibang estruktura ng sanaysay at pormal na liham.

Sinusundan ito ng kakayahan sa pasalitang talakayan na may mean na 3.54, na rin ay inilalarawan bilang mataas, na nagpapakita ng kakayahan ng mga mamamahayag sa pasalitang pagpapahayag at pag-unawa sa mga talakayan. Samantalang ang kakayahang linggwistiko ay may mean na 3.46, na inilalarawan bilang mataas din, na nagpapakita ng kakayahan ng mga mamamahayag sa paggamit ng tamang pagbigkas, gramatika, at baybay sa Filipino. Sa kabuoan, ang mean rating na 3.52 ay inilalarawan bilang mataas, na nagpapakita ng pangkalahatang mataas na antas ng kakayahang komunikatibo at ito ay ginawa at namamasid nang madalas ng mga mamamahayag pangkampus.

Ang mataas na kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay sinang-ayunan nina Ahmed at Pawar (2018), na nagsasabing ang kakayahang komunikatibo ay mahalaga sa pagsasagawa ng epektibong komunikasyon, hindi lamang sa wastong gamit ng wika kundi pati na rin sa tamang pag-unawa at pagpapahayag ng ideya. Ayon din kay Qobilovna (2023), ang kakayahang komunikatibo ay isang mahalagang aspeto ng propesyonal na kasanayan, kung saan ang kakayahan ng isang tao na makipag-ugnayan nang maayos ay nakakatulong sa tagumpay sa iba't ibang larangan. Gayundin, itinatampok ni Lang (2018) na ang kakayahang komunikatibo ay isang multidimensyonal na proseso na nangangailangan ng kasanayan sa iba't ibang aspeto ng wika tulad ng estruktura, kahulugan, at konteksto.

**Talahanayan 3.** ***Antas ng Kritikal na Pag-iisip ng mga Mamamahayag Pangkampus***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pagsusuri | 3.51 | Mataas |
| 2. | Pagtatasa | 3.46 | Mataas |
| 3. | Paghihinuha | 3.49 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **3.68** | **Mataas** |

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng buod ng antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus batay sa tatlong pangunahing aspeto: pagsusuri, pagtatasa, at paghihinuha. Ayon sa mga datos, ang aspeto ng pagsusuri ay may pinakamataas na mean na 3.51, na inilalarawan bilang mataas. Ipinapakita nito na ang mga mamamahayag pangkampus ay may mahusay na kasanayan sa pagsusuri ng mga opinyon at ideya. Sinusundan ito ng paghihinuha na may mean na 3.49, na rin ay inilalarawan bilang mataas, na nagpapakita ng kakayahan ng mga mamamahayag na mag-isip ng mga alternatibong solusyon at maghanap ng ebidensiya upang patunayan ang kanilang mga opinyon. Samantalang ang pagtatasa ay may mean na 3.46, na inilalarawan bilang mataas din, na nagpapakita ng kasanayan ng mga mamamahayag sa pagtasa ng mga konteksto at ebidensiya upang makapagbigay ng tamang konklusyon. Sa kabuoan, ang mean rating na 3.68 ay inilalarawan bilang mataas, na nagpapakita ng pangkalahatang mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at ito ay ginawa at namamasid nang madalas ng mga mamamahayag pangkampus.

Ayon kay Alsaleh (2020), ang kritikal na pag-iisip ay isang mahalagang kasanayan sa mga mag-aaral, dahil ito ay tumutukoy sa kanilang kakayahang magsuri, magtanong, at magbigay ng makatarungang opinyon batay sa mga ebidensiya at lohikal na pagsusuri. Sinusuportahan din ito nina Grohs et. al (2018), na nagsasabing ang mga mag-aaral ay dapat na may kasanayan sa pagsusuri ng mga isyu, pagbuo ng mga alternatibong solusyon, at paghusga ng mga posibleng epekto upang makagawa ng matalinong desisyon. Ayon kay Paul at Stupple et. al, (2019), ang kritikal na pag-iisip ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng akademikong tagumpay at sa mas epektibong komunikasyon, dahil ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kritikal na pag-iisip ay mas may kakayahang magsuri at magbigay ng makatarungan at may saysay na mga argumento.

**Talahanayan 4.** ***Makabuluhang Ugnayan ng Kasanayan sa Pananaliksik at Kasanayang Kritikal na Pag-iisip ng mga Mamamahayag Pangkampus***

| Mga Baryabol | r-value | Antas ng Korelasyon | *p*-value | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| **(X)** *Kasanayan sa Pananaliksik* **(Y)** *Kasanayang Kritikal na Pag-iisip* | $0.62_{MK}$ | Mataas na Korelasyon | 0.00 | Tinanggihan |

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng datos ukol sa makabuluhang ugnayan ng kasanayan sa pananaliksik at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus. Ayon sa datos, ang r-value na 0.62 ay nagpapahiwatig ng mataas na korelasyon sa pagitan ng dalawang baryabol, na nangangahulugang may positibong ugnayan ang kasanayan sa pananaliksik at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag. Ang p-value na 0.00 ay nangangahulugang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05, tinanggihan ang null hypothesis (Ho), na nagsasaad na walang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kasanayang kritikal na pag-iisip. Sa kabuoan, ang mataas na korelasyon at makabuluhang p-value ay nagpapakita ng positibong epekto ng kasanayan sa pananaliksik at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus.

Ayon kay Tanujaya et al. (2017), may makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa pananaliksik at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus, kung saan ang mataas na antas ng kasanayan sa pananaliksik ay nagpapalawak ng kakayahan ng isang mamamahayag sa kritikal na pag-iisip. Sinusuportahan ito ni van der Brugge (2018), na nagsasabing ang kasanayan sa pananaliksik ay nagbibigay ng mga kasangkapan upang masusing suriin at kilalanin ang mga ebidensya, kaya't napapalakas nito ang kakayahang mag-isip ng lohikal at makatarungan. Ayon kay Cooper et al. (2019), ang mas mataas na kasanayan sa pananaliksik ay nagbibigay daan sa mas malalim na pagsusuri at mas maayos na pagbuo ng mga konklusyon, na siyang nakakatulong sa mas epektibong pagpapahayag at pagpapaliwanag ng mga isyu, kaya't ang dalawang kasanayan ay nagsusustento at nagpapalakas sa isa't isa.

**Talahanayan 5.** ***Makabuluhang Ugnayan ng Kakayahang Komunikatibo at Kasanayang Kritikal na Pag-iisip ng mga Mamamahayag Pangkampus***

| Mga Baryabol | r-value | Antas ng Korelasyon | *p*-value | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| **(X)** *Kakayahang Komunikatibo* | $0.65_{MK}$ | Mataas na Korelasyon | 0.00 | Tinanggihan |
| **(Y)** *Kasanayang Kritikal na Pag-iisip* | | | | |

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng datos ukol sa makabuluhang ugnayan ng kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus. Ayon sa mga datos, ang r-value na 0.65 ay nagpapahiwatig ng mataas na korelasyon, na nangangahulugang may positibong ugnayan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag. Ang p-value na 0.00 ay nagpapahiwatig na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05, tinanggihan ang null hypothesis (Ho), na nagsasaad na walang ugnayan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip. Sa kabuoan, ang mataas na korelasyon at makabuluhang p-value ay nagpapakita ng positibong epekto ng kakayahang komunikatibo sa kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus.

Ayon kay Clokie at Fourie (2016), may makabuluhang ugnayan ang kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus, kung saan ang mataas na antas ng kakayahang komunikatibo ay nagbibigay daan sa mas malinaw at mas epektibong pagpapahayag ng mga ideya at opinyon na isinasaalang-alang ang mga analisis at lohikal na pagsusuri. Ayon kay Molerov et al. (2020), ang kasanayang kritikal na pag-iisip ay nagpapalakas ng kakayahan ng isang mamamahayag na suriin ang mga ebidensya at argumento, kaya't nakakatulong ito sa pagbuo ng mga argumentong mas matibay at may saysay na madaling maipahayag. Sinusuportahan din ito ni Byram (2020), na nagsasabing ang kakayahang komunikatibo ay isang mahalagang kasanayan upang mailahad nang maayos ang mga konklusyon mula sa mga isinagawang pagsusuri, kaya't ang dalawang kasanayan ay nagsusustento at nagpapalakas sa isa't isa upang maging mas epektibo sa pagpapahayag ng mga opinyon at impormasyon.

**Talahanayan 6.** ***Makabuluhang impluwensiya ng Kasanayan sa Pananaliksik at Kakayahang Komunikatibo sa Kritikal na Pag-iisip ng mga Mamamahayag Pangkampus***

| Mga Baryabol | Kritikal na Pag-iisip | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *β* | T | p-value | Remarks |
| Kasanayan sa Pananaliksik | .745 | 12.765 | .000 | Significant |
| Kakayahang Komunikatibo | .611 | 10.923 | .000 | Significant |
| ***Holistic Model*** | | | | |
| $r^2$ | .398 | | | |
| F-value | 80.307 | | | |
| p-value | 0.00 | | | |
| Remarks | Significant | | | |

**Significant at p<0.05*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng makabuluhang impluwensiya ng kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus. Ayon sa datos, ang β coefficient para sa kasanayan sa pananaliksik ay .745, na may t-value na 12.765 at p-value na .000, na nagpapakita ng isang makabuluhang impluwensiya ng kasanayan sa pananaliksik sa kritikal na pag-iisip. Ang β coefficient naman para sa kakayahang komunikatibo ay .611, na may t-value na 10.923 at p-value na .000, na nagpapakita rin ng makabuluhang impluwensiya ng kakayahang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus.

Sa kabuoan, ang $r^2$ na 0.398 ay nagpapakita na ang 39.8% ng pagbabago sa kritikal na pag-iisip ay maipaliwanag ng kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo. Ang F-value na 80.307 at p-value na 0.00 ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol, kaya't tinatanggap ang hypothesis. Ang mga p-value na .000 ay nagsasaad ng makabuluhang impluwensiya ng mga baryabol sa kritikal na pag-iisip, na may mataas na antas ng kahalagahan ($p<0.05$).

Ipinapakita ng mga resulta ng pag-aaral na may makabuluhang impluwensiya ang kasanayang pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus. Ang mga mamamahayag na may malalim na kasanayan sa pananaliksik ay mas may kakayahang magsuri ng mga isyu at magbigay ng mas makatarungan at balanseng pag-uulat, na nagdudulot ng pagpapalawak ng kanilang kasanayang kritikal na pag-iisip (Foreman et al., 2020). Ang mga mamamahayag na mahusay sa komunikasyon ay mas magaling sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya at opinyon nang malinaw at makatarungan, na tumutulong sa kanila upang magbigay ng masusing pagsusuri ng mga impormasyon at opinyon (Tracy, 2024).

Bukod dito, ang integrasyon ng kasanayang pananaliksik at kakayahang komunikatibo ay nagpapalakas ng kakayahan ng mga mamamahayag na magsuri ng mga impormasyon nang mas malalim at magbigay ng mas makatarungang pagsusuri sa mga isyu. Ang mga mamamahayag na may mataas na kasanayang kritikal na pag-iisip ay mas magaling sa pagpapaliwanag ng mga komplikadong konsepto, kaya't tumataas ang kredibilidad ng kanilang mga ulat (Henke et al., 2020). Ang kakayahang magsuri at magbigay ng tamang konteksto ay nakakatulong sa mga mamamahayag na magsagawa ng mas tapat at etikal na pamamahagi ng balita sa kanilang komunidad (Abdenour et al., 2021).

**Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral, nakapagbigay ng sumusunod na mga konklusyon:

Una, ang kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay ginawa at namamasid nang madalas. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may aktibong pakikilahok sa mga gawaing pananaliksik, tulad ng pangangalap ng datos, pagsusuri ng impormasyon, at pagsulat ng mga akademikong papel. Bukod dito, ang madalas na pagsasagawa ng pananaliksik ay nagpapahiwatig na ito ay bahagi ng kanilang kurikulum o pang-araw-araw na gawain sa klase, na tumutulong sa kanila upang magkaroon ng mas matibay na pundasyon sa paggamit ng tamang metodolohiya, kritikal na pagsusuri, at akademikong pagsulat.

Pangalawa, ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay ginawa at namamasid nang madalas. Ipinapakita nito na ang kakayahan sa paggamit ng wika ay patuloy na hinuhubog sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa talakayan, pagsulat, at iba pang gawaing pangkomunikasyon. Bukod dito, ang madalas na pagpapakita ng kakayahang komunikatibo ay nagpapahiwatig na ito ay mahalagang bahagi ng kanilang pagkatuto, na naglalayong mapaunlad hindi lamang ang kanilang kahusayan sa wika kundi pati na rin ang epektibong pakikipag-ugnayan sa iba. Pangatlo, ang kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ay ginawa at namamasid nang madalas. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang magbigay ng masusing pagsusuri, makilala ang lohikal na ugnayan ng mga ideya, at bumuo ng matalinong desisyon ay patuloy na hinuhubog sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing pang-akademiko. Bukod dito, ang madalas na pagsasanay sa kritikal na pag-iisip ay nagpapahiwatig na ito ay isang mahalagang bahagi ng kanilang kurikulum, na naglalayong mapaunlad ang kanilang kakayahang mag-isip nang malalim at masusing suriin ang iba't ibang isyu at impormasyon.

Pang-apat, mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayang pananaliksik at kritikal na pag-iisip. Ipinapakita nito na sa proseso ng pananaliksik, ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang magsuri, magtimbang ng ebidensya, at bumuo ng makatuwirang konklusyon—mga kasanayang pangunahing aspeto ng kritikal na pag-iisip. Samantala, ang kakayahang mag-isip nang kritikal ay nagpapahintulot sa kanila na magsagawa ng mas masusing pagsusuri ng impormasyon, kilalanin ang bisa ng mga argumento, at makabuo ng orihinal at makabuluhang interpretasyon sa kanilang pananaliksik. Dahil dito, nagiging mas epektibo at makabuluhan ang kanilang pagkatuto, na naglalayong ihanda sila sa mas mataas na antas ng akademikong gawain at sa mas malalim na pag-unawa sa mga komplikadong isyu.

Panglima, mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayang komunikatibo at kritikal na pag-iisip. Ipinapakita nito na ang kasanayang komunikatibo ay nangangailangan ng kritikal na pag-iisip upang epektibong makabuo at makapagpahayag ng makabuluhang mensahe sa iba't ibang konteksto. Samantala, ang kritikal na pag-iisip ay higit na napapaunlad sa pamamagitan ng masusing pagsusuri ng wika, pagbibigay-kahulugan sa mga ipinapahayag ng iba, at angkop na pagtugon batay sa sitwasyon. Dahil dito, nagiging mas epektibo ang pagpapalitan ng kaalaman at ideya, na tumutulong sa mga mag-aaral na maging mas mapanuri, lohikal, at angkop sa kanilang paggamit ng wika sa akademiko at pang-araw-araw na interaksyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Panghuli, mayroong makabuluhang impluwensiya ang kasanayang pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay sumusuporta sa mga teorya nina Piaget (1972) na binanggit nina Pakpahan at Saragih (2023), ukol sa Kognitibong Pag-unlad, Bandura (1977) na binaggit nina Rumjaun at Narod (2020), sa Teorya ng Sosyal na Pagkatuto, at Teorya ng Multiple Intelligences ni Gardner (1983) na binaggit nina Cavas at Cavas (2020). Ayon kay Piaget, ang kognitibong pag-unlad ay isang aktibong proseso kung saan ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapabuti ng kritikal na pag-iisip. Sa teorya ni Bandura, binigyang-diin ang kahalagahan ng obserbasyon at pakikisalamuha sa mga modelo sa pagkatuto, kung saan ang kasanayan sa pananaliksik at komunikasyon ay naipapasa sa mga mamamahayag sa pamamagitan ng kanilang mga interaksyon. Samantalang, sa teorya ni Gardner ng Multiple Intelligences, ipinakita na ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo ay nagpapalawak ng iba't ibang uri ng talino ng mag-aaral, tulad ng lingguwistik at lohikal na talino, na parehong mahalaga sa pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod upang mas mapaganda ang maaaring kalabasan ng susunod pang mga pag-aaral na may kaugnayan sa mga impormasyong nakapaloob sa pag-aaral na ito:

Dahil sa mataas na antas ng kasanayang pananaliksik ng mga mamamahayag pangkampus, maaari pa itong mapataas sa pamamagitan ng mga hakbang na tutok sa kanilang pagpapabuti. Maaaring maglaan ang mga tagapahamala ng paaralan ng pondo para sa mga programa at pagsasanay na magtuturo ng tamang paraan ng pananaliksik at gamit ng teknolohiya. Ang mga guro ay maaaring magbigay ng mga proyekto at gawain na magpapalalim sa kanilang pag-unawa at kasanayan sa pananaliksik, pati na rin mga pagkakataon para magtalakay pagkatapos ng mga gawain. Bukod dito, maaari ding hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok sa mga seminar at aktibidad na magpapalawak ng kanilang kasanayan sa pananaliksik at pagpapahayag ng kanilang mga ideya.

Dahil sa mataas na antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral, maaari pa itong mapahusay sa pamamagitan ng mga hakbang na magpapalalim sa kanilang pagpapahayag at pag-unawa ng mga ideya. Maaaring maglaan ang mga tagapamahala ng paaralan ng mga programa at pagsasanay na magtuturo ng tamang mga estratehiya sa pagpapabuti ng kakayahang komunikatibo, tulad ng mga workshops sa pagsulat, pagsasalita, at aktibong pakikinig. Ang mga guro ay maaaring magbigay ng mga proyekto at gawain na magsusulong ng makulay na talakayan at pagpapahayag ng mga ideya sa iba't ibang format, pati na rin ang mga pagkakataon upang magsanay sa mga aktibidad na nagsusulong ng epektibong komunikasyon. Bukod dito, maaari ding hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok sa mga seminar at diskurso na magpapalawak ng kanilang kakayahang komunikatibo at magpapalalim sa kanilang pag-unawa sa pagpapahayag ng mga ideya.

Ang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus ay nagtala ng mataas na antas, na nagpapakita ng kanilang kakayahan sa pagsusuri ng mga impormasyon, pagbibigay ng mga lohikal na argumento, at pagbuo ng matalinong desisyon. Upang mapabuti pa ito, maaaring maglaan ng mga pagsasanay at workshops na magpapalawak sa kanilang kakayahan sa pag-aanalisa at pag-iisip nang mas malalim. Ang mga guro ay maaaring magbigay ng mga aktibidad na magpapalago sa kanilang kasanayan sa pagbuo ng mga argumento at pagsasagawa ng mga talakayan. Samantala, ang mga mag-aaral ay maaaring hikayatin na magpatuloy sa pagsasanay sa kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga diskusyon at mga gawain na magpapalawak ng kanilang pananaw at magpapabuti sa kanilang pagsusuri ng mga isyu.

Dahil mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayang pananaliksik at kritikal na pag-iisip, ipinapayo na magpatuloy ang mga mamamahayag pangkampus sa pagpapalakas ng kanilang kasanayan sa parehong aspeto. Maaaring magbigay ang mga tagapamahala ng paaralan ng mga programa at pagsasanay na magtutok sa pagpapabuti ng kritikal na pag-iisip, tulad ng mga diskusyon at pagsusuri ng mga kasalukuyang isyu, upang mapalawak ang kanilang pananaw. Ang mga guro ay maaaring gumawa ng mga aktibidad sa pananaliksik na magpapalago sa kanilang kakayahan sa pagsusuri, pati na rin magbigay ng mga pagkakataon upang ilapat ang kanilang natutunan sa mas malalim na pagsusuri ng mga datos.

Dahil sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayang komunikatibo at kritikal na pag-iisip, ipinapayo na ang mga mamamahayag pangkampus ay dapat patuloy na palakasin ang kanilang kakayahan sa parehong larangan. Ang mga tagapamahala ng paaralan ay maaaring maglunsad ng mga pagsasanay na magtutok sa pagpapabuti ng kasanayang komunikatibo, tulad ng mga aktibidad na magpapalago ng kanilang kakayahan sa pagbibigay ng makatarungan at lohikal na mga pahayag. Maaari ding magbigay ang mga guro ng mga gawain na magpapalalim sa kanilang pagsusuri at aplikasyon ng wika sa mga sitwasyong pangkomunikasyon, tulad ng mga talakayan at presentasyon.

Dahil ang kakayahang komunikatibo at kasanayang pananaliksik ay may makabuluhang impluwensiya sa kritikal na pag-iisip, ipinapayo na ang mga mamamahayag pangkampus ay dapat paigtingin ang kanilang kasanayan sa komunikasyon at pananaliksik upang mapalakas ang kanilang kakayahan sa pagsusuri at lohikal na pag-iisip. Ang mga tagapamahala ng paaralan ay maaaring magbigay ng mga pagsasanay na nakatutok sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa wika at pananaliksik upang matulungan ang mga mag-aaral na magbuo ng mga ideya at argumento nang mas malinaw at masusing. Maaaring maglaan ang mga guro ng mga proyekto at gawain na magpapalago sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga pananaliksik at pagpapahayag ng kanilang mga natuklasan sa pamamagitan ng mga talakayan, pagsusuri, at presentasyon. Gayundin, ang mga tagapayo ay maaaring magbigay ng gabay sa mga mag-aaral sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa pag-iisip, pagsusuri, at pagpapahayag ng mga ideya, na magpapabuti sa kanilang kritikal na pag-iisip at komunikasyon.

## MGA SANGGUNIAN

1. *Abdenour, J., McIntyre, K., & Dahmen, N. S. (2021). Seeing eye to eye: A comparison of audiences' and journalists' perceptions of professional roles and how they relate to trust. Journalism Practice, 15(3), 329-347. https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/17512786.2020.1716828*
2. *Agustina, L., & Setiawan, R. (2020). Fostering a natural atmosphere; improving students' communication skill in a business meeting. Journal of Languages and Language Teaching, 8(3), 307-314.*
3. *Ahmed, S. T. S., & Pawar, S. V. (2018). Communicative competence in English as a foreign language: Its meaning and the pedagogical considerations for its development. The Creative Launcher, 2(6), 267-277. https://www.redalyc.org/pdf/7038/703876866064.pdf*
4. *Alsaleh, N. J. (2020). Teaching Critical Thinking Skills: Literature Review. Turkish Online Journal of Educational Technology-TOJET, 19(1), 21-39. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1239945.pdf*
5. *Areed, S., Salloum, S. A., & Shaalan, K. (2020). The role of knowledge management processes for enhancing and supporting innovative organizations: a systematic review. Recent advances in intelligent systems and smart applications, 143-161. https://www.academia.edu/download/64016797/The%20Role%20of%20Knowledge%20Management.pdf*
6. *Byram, M. (2020). Teaching and assessing intercultural communicative competence: Revisited. Multilingual matters. https://spada.uns.ac.id/pluginfile.php/253332/mod_resource/content/1/ICC%20Byram.pdf*
7. *Clokie, T. L., & Fourie, E. (2016). Graduate employability and communication competence: Are undergraduates taught relevant skills?. Business and Professional Communication Quarterly, 79(4), 442-463. https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/2329490616657635*
8. *Cooper, H., Hedges, L. V., & Valentine, J. C. (Eds.). (2019). The handbook of research synthesis and meta-analysis. Russell Sage Foundation. https://www.daneshnamehicsa.ir/userfiles/files/1/9-%20The%20Handbook%20of%20Research%20Synthesis%20and%20Meta-Analysis.pdf*
9. *Grohs, J. R., Kirk, G. R., Soledad, M. M., & Knight, D. B. (2018). Assessing systems thinking: A tool to measure complex reasoning through ill-structured problems. Thinking Skills and Creativity, 28, 110-130.https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1871187117302511*
10. *Head, B. W. (2016). Toward more "evidence-informed" policy making?. Public administration review, 76(3), 472-484.https://onlinelibrary.wiley.com/doi/pdf/10.1111/puar.12475*
11. *Henke, J., Leissner, L., & Möhring, W. (2020). How can journalists promote news credibility? Effects of evidences on trust and credibility. Journalism Practice, 14(3), 299-318. https://www.academia.edu/download/92334753/17512786.2019.1605839202210 12-1-1w4isfr.pdf*
12. *Lang, P. (2018). Intercultural Communicative Competence and Pragmatic Comprehension of High School EFL Learners (Doctoral dissertation, Josip Juraj Strossmayer University of Osijek. Faculty of Humanities and Social Sciences. Department of English Language and Literature).https://repozitorij.unios.hr/islandora/object/ffos:4195/datastream/PDF/download*
13. *Matanıarı, R., Wıllıson, J., Hasıbuan, M. E., Sulıstıyo, U., & Dewı, F. (2020). Portraying students' critical thinking skills through research skill development (RSD) framework: A case of a biology course in an Indonesian University. Journal of Turkish Science Education, 17(2), 302-314.Widana, I. W., Parwata, I., Parmithi, N. N., Jayantika, I. G. A. T., Sukendra, I. K., & Sumandya, I.W. (2018). Higher order thinking skills assessment towards critical thinking on mathematics lesson. International journal of social sciences and humanities, 2(1), 24-32.*
14. *Molerov, D., Zlatkin-Troitschanskaia, O., Nagel, M. T., Brückner, S., Schmidt, S., & Shavelson, R. J. (2020, December). Assessing university students' critical online reasoning ability: A conceptual and assessment framework with preliminary evidence. In Frontiers in Education (Vol. 5, p. 577843). Frontiers Media SA. https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/feduc.2020.577843/pdf*
15. *Paul, R., & Elder, L. (2019). A guide for educators to critical thinking competency standards: Standards, principles, performance indicators, and outcomes with a critical thinking master rubric. Rowman & Littlefield.https://www.criticalthinking.org/TGS_files/engineering.pdf*
16. *Qobilovna, A. M. (2023). Communicative competence as a factor of teacher's professional competency. American Journal Of Social Sciences And Humanity Research, 3(09), 32-44. https://inlibrary.uz/index.php/ajsshr/article/download/38415/38960*
17. *Suskie, L. (2018). Assessing student learning: A common sense guide. John Wiley & Sons.https://www.utep.edu/student-affairs/_files/docs/assessment/assessing-student-learning-suskie-2.pdf*
18. *Tanujaya, B., Mumu, J., & Margono, G. (2017). The Relationship between Higher Order Thinking Skills and Academic Performance of Student in Mathematics Instruction. International Education Studies, 10(11), 78-85. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1159551.pdf*
19. *Tracy, S. J. (2024). Qualitative research methods: Collecting evidence, crafting analysis, communicating impact. John Wiley & Sons. http://edl.emi.gov.et/jspui/bitstream/123456789/337/1/Qualitative%20Research%20Methods%20%28%20PDFDrive%20%29%20%281%29.pdf*
20. *van der Brugge, E. (2018). The use of argument mapping in improving critical thinking. Unpublished doctoral dissertation]. University of Melbourne. http://hdl. handle. net/11343/214519. https://minervaaccess.unimelb.edu.au/bitstream/handle/11343/214519/Eva%20vd%20Brugge%20PhD%20Thesis%20Final.pdf*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

21. *Widana, I. W., Parwata, I., Parmithi, N. N., Jayantika, I. G. A. T., Sukendra, I. K., & Sumandya, I.W. (2018). Higher order thinking skills assessment towards critical thinking on mathematics lesson. International journal of social sciences and humanities, 2(1), 24-32.*